# Ang *Supplier Code of Conduct*



# MENSAHE NG CEO

**Ang Bisyon natin ay maging isang kumpanyang pinagkakatiwalaan, nais na pagtrabahuhan at maging kasosyo, pagtustusan at pamuhunanan, at makalikha ng halaga. Ang Bisyong ito ay binibigyang buhay ng ating Mga Pagpapahalaga *(Values)* – Pangangalaga *(Care)*, Respeto *(Respect)*, Integridad (Integrity), Paggawa (Performance),at Bayanihan (Teamwork) – kung saan inuuna ang ating mga tao, *host communities*, ang kalikasan, at ang iba pang mga *stakeholder* sa ating mga pagdedesisyon.**



Nakaka-apekto sa mga buhay ng mga tao ang ating mga ginagawa at sineseryoso natin ang ating mga responsibilidad. Bilang pinagkakatiwalaang *supplier*, mayroon kang mahalagang tungkulin sa pakikipagtrabaho sa amin ng ligtas at responsable araw-araw upang makatulong na makamit ang ating Layunin (Purpose) na magmina ng ginto tungo sa mas masaganang kinabukasan.

Upang suportahan ang *transparency* at at ang ating pagtutulungan, binuo namin ang aming *Supplier Code of Conduct* na nagsasaad ng aming mga inaasahan para sa etikal at responsableng *business practices*.

Mahalaga ang bukas at tapat na komunikasyon upang mapanatiling matatag at epektibo ang ating pagsasamahan. Kung mayroon kayong nakitang anumang gawain na hindi umaayon sa aming *Values* o *Supplier Code*, mangyaring magsalita kayo.

Pinahahalagahan namin ang ating samahan at umaasa kaming makatrabaho kayo.

Gerard Bond

Pangulo at CEO

# PANIMULA

Pinipili naming makipagtrabaho sa mga supplier na nakikiisa at rumerespeto sa aming Values at responsable at etikal na nakikipagtrabaho sa amin.

Bilang miyembro ng World Gold Council, kami rin ay nakatuon sa pagsunod sa framework ng Responsible Gold Mining Principles.

Ang aming *Supplier Code of Conduct* ("*Supplier Code*") ay nagsasaad ng aming mga inaasahan mula sa suppliers sa kanilang pakikipagtrabaho sa amin. Sinasakop nito ang lahat ng suppliers, ang kanilang mga empleyado, mga contractor, mga subcontractor, mga vendor, mga supplier at mga tagapayo ("*Kayo*" o "*Inyo*"), at isang pangangailangan upang makipagtrabaho sa amin. Hindi nito sakop ang bawat isyu na maaaring lumabas, ngunit itinatakda nito ang mga pangunahing prinsipyo.

Bilang *supplier* ng mga kalakal at/o mga serbisyo sa OceanaGold, inaasahan naming Kayo ay:

- Etikal, ligtas, at responsableng magtatrabaho.
- Uunawain ang aming *Supplier Code* at isasabuhay ito sa araw-araw na pakikipagtrabaho sa amin.
- Magtatanong sa OceanaGold kung ang *Supplier Code* ay hindi nagbibigay ng sapat na gabay.
- Susunod sa lahat ng naangkop na polisiya, pamantayan, pamamaraan ng *site*, *contractual* na kasunduan at kundisyon ng OceanaGold kung kayo ay nagtratrabaho sa isang *site* ng OceanaGold.
- Susunod sa lahat ng batas, regulasyon, pamantayan, at maaaring parusa na naaayon sa inyong trabaho.
- Susunod sa mas mataas na pamantayan ng pag-uugali o *conduct* kung mayroon mang pagkakaiba sa aming *Supplier Code* at sa inyong lokal na batas, regulasyon, at mga pamantayang pangkultural.
- Magsasabi sa OceanaGold kung mayroong mga paglabag sa aming *Supplier Code*.
- Makikipagtulungan sa anumang imbestigasyon, *assurance activity*, *audit*, or katanungan kaugnay sa aming *Supplier Code* o inyong kontrata ayon sa direksyon ng OceanaGold.

## ANG AMING MGA PAGPAPAHALAGA

Kung kayo ay nakikipagtrabago sa amin, inaasahan namin na ang inyong mga gawain ay nakahanay sa aming *Values*:



**PANGANGALAGA**

Pinangangalagaan natin ang kaligtasan, kalusugan, at kapakanan ng ating mga tao, ng kalikasan, at ng lokal na komunidad.



**RESPETO**

Iginagalang at pinakikinggan natin ang isa't isa, at tinatanggap ang pananaw at pagkakaiba-iba ng bawat isa



**INTEGRIDAD**

Ginagawa natin ang tama, at tinatanggap ang responsibilidad at pananagutan upang maisakatuparan ang ating mga pangako.



**PAGGAWA**

Nagsusumikap tayo upang lalo pa nating mapahusay ang ating mga sarili sa pamamagitan ng pag-aaral, pagpapabuti, at inobasyon.



**BAYANIHAN**

Nakakamit natin ang mga magagandang resulta sa pamamagitan ng pagtutulungan at pagbibigay kontribusyon ng bawat isa.

# PAGKAKAPANTAY-PANTAY AT PAGRESPETO

**Pinapangalagaan at iginagalang namin ang isa't isa sa OceanaGold. Ang lahat ay dapat na tinatrato ng patas, at maramdaman nila na sila ay ligtas at nirerespeto sa trabaho.**

Inaasahan naming Kayo ay:

- Tinatrato ang lahat ng tao (kasama ang inyong mga empleyado, aming empleyado, ahente, at iba bang *supplier*) ng may respeto.
- Tinatrato ang lahat ng tao (kasama ang inyong mga empleyado, aming empleyado, ahente, at iba bang *supplier*) ng patas at iginagalang ang pagkakaiba-iba sa lahat ng anyo nito.
- Hindi lalahok sa anumang uri ng diskriminasyon (kabilang na ang kasarian, edad, relihiyon, lahi, bansang pinagmulan, oryentasyong sekswal o kapansanan) o paninira, *harassment* o *sexual harassment*, *bullying*, pambibiktima, o karahasan.
- Susunod sa lahat ng naangkop na tuntunin at regulasyon ng paggawa at lugar ng trabaho.
- Hindi gumagamit ng *forced*, *compulsory*, o *child labor*.



# KALUSUGAN AT KALIGTASAN

**Ang kaligtasan ay responsibilidad ng lahat. Nais nating makauwi ang lahat na ligtas at maayos araw-araw.**

Inaasahan naming Kayo ay:

- Magbibigay ng ligtas na kondisyon sa pagtratrabaho.
- Magsusuri, uunawa, at susunod sa mga patakaran at pamamaraang pangkalusugan at pangkaligtasan ng OceanaGold, at sa mga naaangkop na lokal na batas at regulasyon.
- Magsasalita kung Kayo ay makakita ng potensyal na panganib, hindi ligtas na kondisyon o gawain sa trabaho, o kung Kayo ay hindi sigurado sa kaligtasan ng isang bagay o tao.
- Maging *fit to work* at hindi nasa ilalim ng impluwensya ng droga o alkohol.
- Susunod sa lahat ng kinakailangang pamamaraan at mga plano para sa *risk management* habang nasa *site* ng OceanaGold.

# KALIKASAN

**Tayo ay nakatuon sa responsableng pamamahala ng kalikasan at nagsusumikap na protektahan ito.**

Inaasahan naming Kayo ay:

- Magtratrabaho sa paraang responsable sa kalikasan upang maingat na pamahalaan ang mga *environmental risk* at mabawasan ang epekto.
- Magsusuri, uunawa, at susunod sa mga patakaran at pamamaraang pangkalikasan ng OceanaGold at lahat ng mga kaugnay na pahintulot, kaugnay na pamantayan ng industriya, at mga naangkop na batas at regulasyon.
- Magsasalita kung Kayo ay may nakikita na mga epekto, panganib o insidente, o kung Kayo ay hindi sigurado sa potensyal na epekto sa kalikasan.

# KARAPATANG PANTAO

**Nakatuon tayo sa paggalang ng mga karapatang pantao ng mga naaapektuhan ng ating mga operasyon, kasama nacang mga nagtratrabaho sa ating *supply chain.***

Inaasahan naming Kayo ay:

- Igagalang ang karapatang pantao ng lahat ng mga *stakeholder*, kabilang na ang mga komunidad, ang inyong mga empleyado, at ang mga nasa *supply chain* ninyo.
- Titiyakin na ang mga manggagawa ay nasa legal na edad ng pagtatrabaho at hindi gumagamit ng *child labor*.
- Hindi lalahok sa mga mapaglinlang na proseso ng pagre-*recrui*t, o hindi gagamit ng *forced*, *bonded* o *involuntary labor*.
- Gagawa ng mga hakbang upang maunawaan at matugunan ang mga panganib ng *modern slavery* sa inyong operasyon at *supply chain*.
- Hindi gagawa ng anumang bagay na direkta o hindi direktang mag-aambag sa paglabag sa karapatang pantao, kabilang na ang *modern slavery*.
- Kikilalanin ang pangunahing karapatan ng mga manggagawa na bumuo at/o sumali sa kanilang mga piniling legal na mga unyon ng mga manggagawa o mga grupo ng empleyado.
- Susunod sa aming mga polisya, pamamaraan, at proseso sa pagrespeto ng karapatang pantao sa ating mga aktibidad at ipaalam sa amin agad kung Kayo ay may pinaghihinalaang paglabag nito.
- Makikipagtulungan sa amin upang matugunan ang anumang isyu sa karapatang pantao na maaaring mangyari.



# MGA KOMUNIDAD AT MGA KATUTUBO

**Nakatuon tayo sa pakikipagtrabaho sa mga lokal na komunidad at mga katutubo kung saan tayo ay may operasyon upang makalikha ng positibong samahan at resulta.**



Inaasahan naming Kayo ay:

- Itatrato ng may dignidad at paggalang ang lahat ng miyembro ng mga komunidad kung saan tayo ay may operasyon.
- Makikinig at tutugon ng malinaw, magalang at nakikipagtulungan kapag nakikipag-ugnayan sa mga komunidad kung saan tayo ay may operasyon.
- Kukuha ng lahat ng kinakailangang *compliance approvals* upang maisagawa ang inyong trabaho.
- Iiwas na magdulot ng pinsala sa mga komunidad na katrabaho Ninyo at/o kung saan tayo ay may operasyon.
- Tutugon sa mga alalahanin, hinaing, at reklamo ng komunidad sa pamamagitan ng isang patas, napapanahon, at malinaw na proseso.
- Igagalang ang mga karapatan at interes, kasama na ang kultural na pamana, ng mga Katutubo at ng kanilang mga komunidad.
- Isasaalang-alang ang mga pagkakataong magbibigay ng trabaho sa mga miyembro ng lokal na komunidad, kasama na ang paggamit ng mga lokal na mga *subcontractor*.

# PANUNUHOL, KORUPSYON, PANLOLOKO AT *MONEY LAUNDERING*

**Nais nating mag-ambag at magtagumpay ng patas at tapat. Hindi natin pinahihintulutan ang anumang anyo ng panunuhol, korupsyon, panloloko, o *money laundering*.**

Inaasahan naming Kayo ay:

- Susunod sa lahat ng naangkop na batas at regulasyon laban sa panunuhol, korupsyon, panloloko, at *money laundering*.
- Hindi magbibigay, tatanggap, hihingi, mag-aalok, o magpapahintulot ng anumang bagay na maaaring maka-impluwensya ng hindi wasto sa pagdedesisyon. Kasama rito ang:
  - Panunuhol sa mga *public official*, mga *kickback*, lihim na komisyon, mga *facilitation payment*, o mga hindi wastong pagbabayad kahit na ito ay itinuturing na katanggap-tanggap sa ilalim ng lokal na kaugalian.
- Hindi gagawa ng kahit anong maaaring, o magmukhang maaaring, magkompromiso sa iyo o sa ating kakayahang gumawa ng mabuti at patas na desisyon sa pagnenegosyo.
- Mag-aalok or tatanggap lamang ng mga regalo, *hospitality*, o anumang may halaga kung ito ay makatwiran at naaayon, at walang intensyon na makalamang o makakuha o magpanatili ng negosyo.
- Mag-iingat kapag nakikipag-ugnayan sa mga opisyal ng pamahalaan.
- Hindi magbabayad sa isang partidong pampulitika, politiko, o kandidato, o sa ngalan natin.
- Pananatilihing tama ang mga libro at rekord.
- Agarang magsasabi sa OceanaGold kung mayroon mang lalabag sa mga prinsipyong ito. Bilang halimbawa, kung ikaw ay sinabihang magbayad ng *kickback*.

# CONFLICTS OF INTEREST

**Araw-araw, nagtatrabaho tayo upang magbuo at mapanatili ang tiwala sa ating mga manggagawa, mga *supplier*, komunidad, at mga namumuhunan. Iniingatan natin na hindi naiimpluwensyahan ng mga interes na maaring laban sa interes ng OceanaGold ang mga desisyon natin sa trabaho.**

Inaasahan naming Kayo ay:

- Mag-iisip kung salungat ang Iyong interes (o mukhang magkasalungat) sa interes ng OceanaGold, o sa iyong mga responsibilidad sa OceanaGold. Kung maaari, iiwasan ang mga ganitong sitwasyon.
- Kung hindi maiiwasan, sabihin sa OceanaGold ang anumang potensyal na pagsasalungat – hinihinala o aktuwal – sa sandaling mapag-alaman ninyo ito at magbigay ng kumpleto at tamang detalye upang ma-*assess* namin ito.
- Pamamahalaan ang anumang naglalabang interes ng malinaw at patas, at sa pinakamabuting interes ng OceanaGold.
- Hindi gagamitin ang inyong posisyon o relasyon sa OceanaGold upang magkaroon ka o ang mga malalapit sa iyo ng hindi patas na benepisyo.



# PATAS NA KOMPETISYON

**Nagnenegosyo tayo ng patas at nagtatagumpay sa pamamagitan ng merito (merit)**

Inaasahan naming Kayo ay:

- Kikilos ng patas, at hindi ginagamit para sa mali ang impormasyon, kapangyarihan, o impluwensya.
- Hindi magmamanipula, makikipagsabwatan, magtatago o mag-*misrepresent.*
- Igagalang ang kumpidensyal na impormasyon ng OceanaGold, at hindi ito ibabahagi sa iba kabilang na ang mga kakumpetensya ninyo o namin.
- Titingnan kung ang impormasyon ay makikita sa publiko bago ito ibahagi sa labas ng OceanaGold.

# *PRIVACY* AT IMPORMASYON

**Ang hindi wastong paghahayag o paggamit ng anumang personal na impormasyon ay maaaring magkompromiso ng *privacy* at seguridad ng mga indibidwal at mga nilalang. Responsable at legal tayong nangongolekta, gumagamit, nagtatago, at nagbibigay ng personal na impormasyon.**

Inaasahan naming Kayo ay:

- Pananatilihing kumpidensyal at ligtas ang mga impormasyon sa negosyo ng OceanaGold at gagamitin lamang ito para sa itinakdang layunin nito.
- Tutupad sa mga naangkop na *IT* at *Privacy procedures* ng OceanaGold at sa mga lokal na batas at regulasyon tungkol sa *privacy* at *data protecti*on.
- Igagalang ang *privacy* ng inyong mga empleyado at mga *customer*.
- Agarang ire*report* ang potensyal o aktwal na mga *data breach* na makaka-apekto sa OceanaGold sa OceanaGold Privacy Officer (privacy@oceanagold.com)
- Hihingi ng payo mula sa OceanaGold kung Kayo ay hindi sigurado kung kayo ay may pahintulot na magbahagi ng mga partikular na impormasyon.
- Pananatilihin ang datos ng OceanaGold sa inyong mga *system* hanggat sa kinakailangan panahon lamang.



# *INSIDER INFORMATION*

**Hindi natin ginagamit ang kompidensyal o *insider information* para sa ating sariling kapakinabangan o ng iba.**

Inaasahan naming Kayo ay:

- Pananatilihing kompidensyal ang anumang *insider information*.
- Hindi kailanman gagamit o magpapakalat ng *insider information* tungkol sa OceanaGold para sa personal na kapakinabangan o upang tulungan ang iba.
- Hindi gagamit o manghihikayat ng iba na gamitin ang *insider information* upang makipagpalitan ng *securities* (kasama na ang pagbili or pagbenta ng mga *share*).

# MAGSALITA

**Kung mayroon Kayong nakikitang hindi tama, o sa tingin ninyo ay hindi tama, hinihikayat namin na magsalita kayo – makakatulong ito na maiwasan ang pagkakamali o tumugon kung may nangyaring mali.**

Maaaring i-*report* ang mga pagkabahala o *concern* tungkol sa isang potensyal at aktuwal na maling pag-uugali sa speakup.oceanagold.com – ang aming kumpidensyal at *independent* na Hotline. Kung kayo ay nasa isang *site* ng OceanaGold, makakakita ka rin ng *posters* ng Hotline na may *local phone numbers*.

Kasama sa potensyal na maling pag-uugali ang pandaraya, pagnanakaw, panunuhol, korupsyon o katiwalian, mga maling gawain na nagdudulot ng panganib sa kalusugan at kaligtasan o sa kalikasan, mga seryosong paglabag sa mga patakaran at pamamaraan ng OceanaGold (kasama ang aming *Code of Conduct* at *Supplier Code*), mga naglalabang interes, *harassment*, diskriminasyon, pambibiktima o *bullying*, pang-aabuso sa mga karapatang pantao, *insider trading*, at iba pang labag sa batas o kriminal na aktibidad.

## PAANO KAMI NAKIKIPAGTRABAHO SA AMING MGA *SUPPLIER*

Nais naming makipagtulungan sa inyo sa pagsunod sa aming *Supplier Code*.

Igagalang namin kayo at hindi namin kailanman hihingilin na kumilos Kayo ng labag sa batas, sa aming *Values*, o aming *Supplier Code*.

Ang paglabag sa aming *Supplier Code* ay maaaring magdulot ng malubhang kahihinatnan at kami ay aaksyon ng naaayon sa paglabag.

Maaaring kabilang dito ang pakikipagtulungan sa Inyo sa paggawa ng *remediation* o *corrective action plans*. Sa mga mas seryoso o malalang kaso, maaaring kasama sa aming aksyon ang pagsususpinde o pagtatapos ng ating relasyon.

## MAKIPAG-UGNAYAN

Kung mayroon Kayong katanungan o iba pang *feedback* tungkol sa *Supplier Code* na ito, maaaring makipag-ugnayan sa suppliercode@oceanagold.com

Kung kayo ay may ina-alala tungkol sa paglabag sa aming *Supplier Code*, maaaring makipag-ugnayan sa inyong OceanaGold *contract owner*, *Principal Representative* o sa speakup.oceanagold.com